**Pamagat**: Bahagi ng Biblical na Kaligtasan: Batas at Grasya (Law and Grace)

**Bible text**: John 1:17 "For the law was given by Moses, but grace and truth came by Jesus Christ."

> *Pagsasalin*: Sapagkat ang kautusan ay ibinigay sa pamamagitan ni Moises, ngunit ang grasya at ang katotohanan ay dumating sa pamamagitan ni Jesu-Cristo.

**Panimula**:

1. Hindi maaring pag-aralan ang doctrina ng Kaligtasan na hindi tinitingnan ang dalawang mapaka-importanteng bahagi – ito ay ang Batas (Law) at Grasya (Grace).
2. Mayroong mga maling turo patungkol sa ito: 1.) Legalism – Ligtas sa pamamagitan ng pagsunod sa batas. 2.) Antinomianism – Ligtas ako sa grasya ng Dios, kaya't hindi ko na kailangan sumunod sa Dios. Parehas po itong mga maling turo.

## I. **Ang Batas ng Dios**.

A. Ang batas ay galing sa Dios at ipinahayag ng Panginoon ito kay Moses upang i-codify niya ito. (Jn. 1:17a)

B. Ang batas ng Dios kay Moses ay mayroong tatlong bahagi:
- B.1. The Commandments (Ang mga Kautusan) – Exo. 20:1-17. Ito ay MORAL (Mabuting Asal) at patungkol sa CONSCIENCE (Konsensya).
- B.2. The Judgments (Ang mga Kahatulan) – Exo. 21-24. Ito ay CIVIL (Pambayan; bilang mamamayan or sibil) at patungkol ito sa CRIME (Krimen).
- B.3. The Ordinances (Ang mga Patakaran) – Exo. 24-31. Ito ay CEREMONIAL (Seremonial) at patunkol ito sa CREED (Kilos ng relihiyon).

C. Sa kabuuhan mayroong 613 na batas sa Old Testament.

D. Ang batas ng Dios ay perfect (Psalm 19:7); Ito ay holy, just, and good (Romans 7:12), spiritual (Romans 7:14).

E. Ang batas ng Dios ay may mga layunin: 1.) Tumutukoy sa kasalanan (Romans 7:7). 2.) Nagpapahayag ng sala (Romans 3:19). 3.) Tinuturo sa atin ang Panginoong Jesus (Galatians 3:24).

F. Ang batas ay hindi nakakapagligtas. (Romans 8:3; Galatians 2:16, 21).

## II. **Ang Grasya ng Dios.**

A. John 1:17 "For the law was given by Moses, but grace and truth came by Jesus Christ."

B. Ang grasya ng Dios ay ang kanyang pabor sa buhay ng tao na hindi tampat.

C. Ang grasya ay ang dahilan kung bakit maari tayong lumapit sa Dios. (Matt. 11:28; Heb. 4:16).

D. Ang grasya ay nagsasabing "tapos na" ang gawa ng kaligtasan. (Jn. 19:30)

E. Ang batas ay sumusumpa sa mga makasalanang tao, pero ang grasya ay nagbabasbas sa kanila. Sinusumpa ng batas ang pinaka-dakilang tao, pero tinutulungan ng grasya ang pinaka-makasalanang tao.

F. Ang batas nagbibigay ng kaalaman ng kasalanan, pero ang grasya ay nagbibigay ng kapatawaran nito.

G. Ang batas ay pagkakaalipin, pero ang grasya ay nagpapalaya.

H. Ang batas ay nagdudulot ng takot, pero ang grasya ay nagdudulot ng kapayapaan.

I. Ang batas ay nagsasabing: bayaran mo ang utang mo sa Dios; ang grasya: Bayad na ang utang ng buong-buo dahil kay Christo.

J. Ang batas ay patungkol sa kamatayan, pero ang grasya ay patungkol sa buhay na walang-hanggan.

**Katapusan**: Romans 10:14 – Si Cristo ay ang kaganapan, katuparan, at layunin ng Batas. Huwag kumapit sa Batas, kundi, kumapit tayo kay Cristo.